Umiiral at ipatutupad na mga panukala
sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng lahi

Lupon ng Pondo sa Tulong sa Kabayaran ng mga Empleyado
(Employees Compensation Assistance Fund Board)

Ang Lupon ng Pondo sa Tulong sa Kabayaran ng Mga Empleyado ("ang Lupon") ay itinatag noong ika-1 ng Hulyo 1991 sa ilalim ng Ordinansa sa Tulong para sa Kabayaran ng mga Empleyado (Employees Compensation Assistance Ordinance) (Cap. 365) ("ang ECAO"). Ito ay nangangasiwa sa Pondong Tulong para sa Kabayaran ng mga Empleyado (Employees Compensation Assistance Fund) ("ang Pondo") na itinayo sa ilalim ng ECAO at nagpapatupad sa Iskemang Tulong sa Kabayaran ng mga Empleyado (Employees Compensation Assistance Scheme) para sa proteksyon ng mga karapatan ng mga empleyado at mga taong karapat-dapat sa tulong at mga pagbabayad ng lunas para sa pinsala sa trabaho.

Mga Serbisyong May Kinalaman	● Mga sugatang empleyado o mga karapat-dapat na miyembro ng pamilya ng namatay na empleyado na hindi nakatanggap sa kabayaran ng empleyado o mga pinsala ayon sa batas na kung saan ang maypagawa ay mananagot matapos masimot ang lahat ng posibleng paraang ligal at pinansyal sa pagbawi mula sa kaugnayt na maypagawa (o tagabigay ng insurance) ay karapat-dapat sa aplikasyon para sa tulong mula sa Pondo.
Umiiral na Mga Panukala	● Ang Lupon ay nagbibigay ng serbisyo sa Tsino at Ingles. ● Mag-aayos ng serbisyong interpretasyon kung kinakailangan at naaangkop sa pamamagitan ng Sentro para sa Etniko Minorya.
Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap	● Ang Lupon ay kukuha ng mga data at istatistika (di-personal na data) sa paggamit ng mga serbisyo ng mga taong magkakaibang lahi sa pagtatasa ng kanilang mga pangangailangan sa mga serbisyo.
Mga Karagdagang	● Ang mga polyeto ng "Impormasyon tungkol sa Aplikasyon para sa Tulong sa ilalim ng Ordinansa sa

Panukalang Ipinatutupad/ Ipapatupad	Tulong sa Kabayaran ng mga Empleyado” & “Mga Madalas Itanong tungkol sa Ordinansa sa Tulong na Kabayaran sa mga Empleyado” sa mga sumusunod na walong mga wika ng iba’t ibang lahi (Indonesiyo, Nepali, Urdu, Punjabi, Tagalog, Thai, Hindi at Vietnamese) ay ibibigay online kasama ang nakalimbag na mga kopya na ipinamamahagi sa opisina.
	● Ang mga panukala ay pana-panahong susuriin para sa patuloy na pagpapabuti.

Para sa mga katanungan patungkol sa mga panukalang ipinatutupad at ipapatupad sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring maki-ugnay sa Opisyal ng Administrasyon at Pananalapi ng Lupon (Administration and Finance Officer of the Board).

Telepono	:	2116 5684
Fax	:	2109 0310
Email	:	contact@ecafb.org.hk
Address sa Koreo	:	33/F, Morrison Plaza, 9 Morrison Hill Road, Wanchai, Hong Kong

Lupon ng Pondo sa Tulong para sa Kabayaran ng mga Empleyado
Mayo 2025